Ang ṣalāh at ang minay-ari ng mga kanang kamay ninyo

Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang pangkalahatan sa tagubilin ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang dumalo sa kanya ang kamatayan ay: "Ang ṣalāh at ang minay-ari ng mga kanang kamay ninyo. Ang ṣalāh at ang minay-ari ng mga kanang kamay ninyo." hanggang sa nagsimula ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na lumalaguklok dahil dito ang dibdib niya. Hindi halos nakapagsasalita dahil dito ang dila niya.}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām An-Nasa'īy sa Al-Kubrā at Imām Ibnu Mājah]

Ang pinakamarami sa tagubilin ng Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya habang siya ay nasa mga hapdi ng kamatayan ay: "Manatili kayo sa ṣalāh, mangalaga kayo rito, at huwag kayong malilingat dito. Gayundin, gampanan ninyo ang mga karapatan ng minay-ari ng mga kanang kamay ninyo na mga lalaking alipin at mga babaing alipin at gumawa kayo ng maganda sa pag-aari ninyo." Hindi siya natigil na umuulit nito hanggang sa nagsimulang lumalaguklok dahil dito ang lalamunan niya. Hindi halos makapaglinaw dahil dito ang dila niya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/66359